Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-08 NG AGOSTO, 2022 SA GANAP NA IKA-09:02 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo |
| KGG. MA. ROMA R. TABLICO | ----------- Kagawad |
| KGG. MODESTO B. ABADIER | ----------- Kagawad |
| KGG. MARK ANTHONY L. LAGROSA | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN DEMBER A. DELOS REYES | ----------- Kagawad |
| KGG. MGGL. JEROMME R. LACBAY | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ---------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. DONNIE L. DE VENECIA | ----------- Pangulo-SKF |

**KAPASIYAHAN BLG. 51 T. 2022**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KGG. JOSEPH VICTOR GOMEZ EJERCITO, SENADOR NG REPUBLIKA NG PILIPINAS NG TULONG PINANSIYAL NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPUNG MILYONG (P 30,000,000.00) PISO PARA SA KONSTRUKSIYON NG FARM TO MARKET ROAD SA SITIO TALAHIB, BARANGAY CALIRAYA LUMBAN, LAGUNA.**

**Akda ni: Kgg. Ireneo R. Baldovino**

**SAPAGKAT,** ang Barangay Caliraya ay kabilang sa mga agricultural barangay na nangangailangan ng mga kongkretong daan upang mabilis na maihatid ang mga aning palay, prutas at gulay mula sa mga taniman patungong pamilihan;

**SAPAGKAT**, ang mga kongkretong daan ay magpapa-angat din sa antas ng pamumuhay ng mga mamamayan dahil pag-unlad ng bagong pamayanan bunga ng masiglang komersiyo na darayo at mananatili sa lugar;

**SAPAGKAT**, ang maayos na daan ay nagbubunsod sa masiglang produksiyon ng mga pagkaing pang-agrikultural na maaaring maging daan din tungo sa pagsigla ng turismo sa Bayan ng Lumban;

**SAPAGKAT**, katungkulan ng mga opisyal ng pamahalaang lokal na maipagkaloob sa kanilang mga nasasakupan ang isang maayos at maunlad na pamayanan at matiyak ang tuluy tuloy na pag-unlad sa mga kanayunan na kanilang nasasakupan;

**DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Ireneo R. Baldovino na pinangalawahan ni Kgg. Geronimo P. Samonte Jr. at sinang-ayunan ng lahat ng nagsidalo, ay

**IPINASIYA NA,** tulad ng dito'y ginawang **PAGPAPASIYA,** napagtibayin ang Kapasiyahang mapitagang humihiling kay Kgg. Joseph Victor Gomez Ejercito, Senador ng Republika ng Pilipinas ng tulong pinansiyal na nagkakahalaga ng tatlumpung milyong (P 30,000,000.00) piso para sa konstruksiyon ng farm to market road sa Sitio Talahib, Barangay Caliraya Lumban, Laguna.

**IPINASIYA PA RIN,** ang pagpapadala ng sipi ng kapasiyahang ito sa tanggapan ng Kgg. Senador Joseph Victor Gomez Ejercito para sa kanilang kabatiran at pagsasaalang-alang.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-08 ng Agosto, 2022.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo :**

**BELEN B. RAGA**
*Tagapangulo/ Pangalawang Punumbayan*

**Pinagtibay :**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt080822res51*